Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/15

Pagsulat ng pang-uri sa tamang antas

Panuto: Buuin ang bawat pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng pang-uri na nasa tamang antas. Gamitin ang pang-uri sa loob ng panaklong.

Halimbawa: (*matangkad*) _____ siya kay Abdul.

(*matangkad*) *Mas matangkad* siya kay Abdul.

1. (*sariwa*) Pinipili ni Maria ang *pinakasariwang* manok sa buong palengke.
2. (*mabilis*) *Mas mabilis* pa sa kidlat kung kumilos si Maria sa kusina niya.
3. (*maliwanag*) Doon ka magbasa sa sala kung saan *mas maliwanag* .
4. (*bata*) Si Amy ay *mas bata* sa akin. Siya ang aming bunso.
5. (*magulo*) Si Enteng ang *pinakamagulong* mag-aaral sa buong klase!
6. (*mayaman*) Pakiramdam niya na siya ang *pinakamayaman* na tao sa mundo.
7. (*magara*) Ang bahay ni Ginang Reyes ang may *pinakamagarang* dekorasyon sa buong subdibisyon tuwing Pasko.
8. (*malamig*) Ang simoy ng hangin sa gabi ay *malamig* .
9. (*marami*) *Napakarami* ng tao sa *mall* kanina dahil sa *Christmas Sale*!
10. (*mahaba*) Ang pila sa pelikulang *Twilight* ay *mas mahaba* sa pilang ito.
11. (*mataas*) *Napakataas* pala ng bundok na iyan! Ayaw kong sumama sa pag-akyat ninyo.
12. (*malaki*) *Magsinlaki* sina Manny at Manuel kaya kasya kay Manny ang mga damit ni Manuel.
13. (*mahirap*) *Napakahirap* ng pagsusulit natin sa Filipino! Sana makapasa pa rin ako.
14. (*magaling*) Si Gemma ang *pinakamagaling* na kamag-aral natin. Laging tama ang sagot niya.
15. (*malakas*) Ang boses ni Corinna ay *mas malakas* sa boses ko. Siya na lang ang piliin mong maging kinatawan natin sa paligsahan.